429 *Ipinagbabawal ang mga May Flavor na Sigarilyo sa Estados Unidos*

473 *Mga Retailer ng Produktong Sigarilyo at Tabako: Mga Dapat Malaman Bago Ka Bumili ng mga Produkto*

### Nakakaapekto sa ating lahat ang pag-iwas sa buwis...

Upang mag-ulat ng pinaghihinalaang pag-iwas sa buwis, tumawag sa aming Tax Evasion Hotline sa 1-888-334-3300 o sa Investigations Division sa 1-833-430-7030.

PUBLICATION 152-TG
MAYO 2019

CDTFA
CALIFORNIA DEPARTMENT OF TAX AND FEE ADMINISTRATION



# MGA INSPEKSYON NG SIGARILYO AT PRODUKTONG TABAKO

### Bakit ninyo iniinspeksyon ang negosyo ko?

Nagsasagawa kami ng regular na inspeksyon ng inyong negosyo upang makita kung sumusunod kayo sa mga batas ng estado na nagkokontrol sa pagbebenta ng mga produktong sigarilyo at tabako sa California.


### Ano ang hinahanap ninyo?

Titingnan namin kung:

- May lisensya kayo mula sa California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) para magbenta ng mga produktong sigarilyo at tabako at anumang iba pang mga permit o lisensya ng negosyo na maaaring kailanganing mayroon kayo.

  *Pakitandaan:* Simula Enero 1, 2017, pinalawak ng batas ng estado ang kahulugan ng produktong tabako, para sa mga layunin na paglilisensya sa pagbebenta, na maging kabilang ang anumang elektronikong device sa paninigarilyo o pag-vape o anumang bahagi, piyesa, o accessory ng produktong tabako, ibinebenta man nang magkasama o hiwalay. Kung binebenta ninyo ang anuman sa mga produktong ito sa retail, kinakailangang mayroon kayong lisensya ng retailer ng sigarilyo at tabako mula sa CDTFA. Bisitahin ang website ng CDTFA para sa higit na impormasyon sa paksang ito.

- Binili ninyo ang inyong mga produktong sigarilyo at tabako mula sa isang distributor o wholesaler ng produktong sigarilyo at tabako na may lisensya mula sa CDTFA (ang pagbebenta sa pagitan ng mga retailer ay ipinagbabawal) at mayroong mga sumusuportang purchase invoice para sa inyong imbentaryo. Siguraduhing tingnan ang website ng CDTFA upang hindi maging huli sa lahat ng mga kinakailangan para sa mga invoice ng produktong sigarilyo at tabako.
- Ang mga sigarilyo sa inyong imbentaryo ay:
  - Mayroong wastong selyo ng buwis ng California,
  - Hindi kasama ang mga may flavor na sigarilyo (hindi kabilang ang menthol), at
  - Nakalista sa Direktoryo ng Tabako ng California bilang legal na makakapagbenta sa California (dapat ding nakalista ang roll-your-own na tabako sa Direktoryo ng Tobacco).
- Sumusunod ang mga pakete ng sigarilyo sa inyong imbentaryo sa "low ignition propensity" na rekisito ng California kaugnay ng kaligtasan sa sunog.
- Binayaran ang excise tax ng California sa inyong iba pang mga produktong tabako.




- Ang signage ng inyong STAKE Act ay naka-display sa tabi ng bawat kaha at iba pang lugar ng pagbebenta.

Ang mga inspeksyong ito ay pinahihintulutan ng mga batas ng estado na kilala bilang California Cigarette and Tobacco Products Licensing Act ng 2003 (Division 8.6 ng California Business and Professions Code), Cigarette and Tobacco Products Tax Law (Part 13, Division 2 ng Revenue and Taxation Code), California Cigarette Fire Safety and Firefighter Protection Act (Division 12 ng California Health and Safety Code), at Stop Tobacco Access to Kids Enforcement Act (Division 8.5 ng California Business and Professions Code).

### Ano ang mangyayari sa panahon ng inspeksyon?

Papasok sa inyong lugar ng negosyo ang mga inspektor, ipapakilala nila ang kanilang sarili sa inyo o sa inyong mga empleyado, at ipapakita ang kanilang ID ng CDTFA. Hihilingin nila sa inyong:

- Ipakita sa kanila ang inyong personal na ID.
- Ipakita sa kanila ang inyong buong imbentaryo ng produktong sigarilyo at tabako.
- Ibigay ang lahat ng inyong mga purchase at sales invoice para sa produktong sigarilyo at tabako (o mga register tape) para sa nakaraang 12 buwan, na kailangang nakatabi sa inyong lugar ng negosyo.
- Ituro kung saan nakatabi ang inyong mga purchase at sales invoice (o mga register tape) para sa sigarilyo at produktong tabako. Ang mga talaang ito ay kinakailangang nakatabi sa loob ng apat na taon.

Susuriin ng mga inspektor ang mga produktong sigarilyo at tabako sa inyong negosyo - ang lokasyon at anumang lugar tulad ng iba pang mga gusali o sa mga storage container kung saan maaari ninyong itinatabi ang mga karagdagang produkto. Elektroniko nilang isa-scan ang mga stamp ng buwis sa mga sigarilyo sa inyong imbentaryo at susuriin ang inyong mga purchase at sales invoice upang makita kung ang mga invoice na iyon ay tumutugma sa inyong imbentaryo.

Bibigyan ka rin ng kopya ng publication 78, *Mga Pagbebenta ng Produktong Sigarilyo at Tabako sa California*, na nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.

### Ano ang mangyayari kung makakita ang mga inspektor ng mga produktong hindi ko maaaring ibenta nang legal?

Maaaring ilitin ang anumang makitang sigarilyo o produktong tabako na hindi binayaran ng buwis, huwad, o hindi legal. Ang gagawin nila:

- Ipapaliwanag ang dahilan para sa pag-ilit,
- Bibigyan kayo ng detalyadong resibo na naglilista ng mga produktong inilit
- Bibigyan kayo ng kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnay at maaari ding
- Bigyan kayo ng citation (abiso na kinakailangan kang humarap sa korte).

Ang anumang mga tatak ng sigarilyo o roll-your-own (RYO) na produktong tabako na hindi nakalista sa Direktoryo ng Tabako ng California ng Attorney General ay maaaring mapailalim sa pag-iilit. Dapat laging tingnan ng mga retailer at wholesaler ang Direktoryo ng Tabako bago bumili ng mga sigarilyo at RYO na tabako mula sa mga lisensyadong distributor ng CDTFA. Ang website ng Direktoryo ng Tabako ng California ay matatagpuan sa *www.oag.ca.gov/tobacco/directory.*

*Pakitandaan:* Kapag tinanggal ang mga sigarilyo o RYO na tabako mula sa Direktoryo ng Tabako, pinahihintulutan ang mga retailer na magtaglay, mag-biyahe, at magbenta ng mga sigarilyo o RYO na tabako na may stamp ng buwis sa loob ng 60 araw mula sa petsa na nagkaroon ng bisa ang kanilang pagkakatanggal.

### Maaari ko bang mabawi ang mga inilit na produkto?

May karapatan kayong hilingin na isauli ang inyong mga produkto. Kapag nag-ilit ng anumang produkto ng aming mga inspektor sa panahon ng inspeksyon, papadalhan namin kayo agad ng abiso na naglilista ng mga produkto at nagsasaad ng inyong karapatan na tutulan ang nasabing pag-ilit. Magsasama kami ng form ng *Beripikadong Petisyon para sa Pagpapalabas o Pagbawi ng Pag-aari* kasama ng abisong ito.

Sa ilalim ng batas ng estado, ang mga nailit na sigarilyo o produktong tabako ay maaari lang isauli kung mali o hindi legal ang pagkakailit namin nito. Upang hilingin ang pagsasauli ng inyong mga produkto, dapat kayong magsumite ng isang nakumpletong form ng petisyon at ipaliwanag kung bakit mali o hindi legal ang pag-iilit. Tutugon kami sa inyong petisyon sa sulat.

### Ano ang mangyayari kung makakuha ako ng citation?

Kung nakatanggap kayo ng civil citation, makakatanggap kayo ng *Abiso ng Paglabag* sa koreo mula sa CDTFA. Ipapaliwanag ng abiso ang (mga) partikular na paglabag kung bakit ka pinapaharap sa korte, anumang mga parusa o kahihinatnang sibil, at ang iyong mga karapatan sa pag-apela.

Kung nabigyan kayo ng kriminal na citation, dapat kayong humarap sa korte tulad ng nakasaad sa citation at maaari ding makatanggap ng abiso mula sa Opisina ng District Attorney tungkol sa kriminal na mga paglilitis. Kung hindi kayo humarap sa korte, bibigyan kayo ng bench warrant (utos mula sa hukom) at maaaring suspindihin o bawiin ang inyong lisensya sa sigarilyo at tabako at lapatan ng mga parusa.

Isinasaad ng Batas sa Paglilisensya ng Sigarilyo at mga Produktong Tabako (Cigarette and Tobacco Products Licensing Act) na ilalapat ang mga sibil na kaparusahan ng CDTFA bilang karagdagan sa anumang iba pang parusang kriminal na maaaring ipatupad ng mga korte (tingnan ang publication 161, *May Kasamang Administratibong Prosesong Sibil ang mga Kriminal na Citation).* Pagkatapos magdesisyon ang korte sa inyong kriminal na citation, makakatanggap kayo ng *Abiso ng Paglabag* sa koreo mula sa CDTFA na maglilista ng lahat ng inyong paglabag, magpapaliwanag sa inyong mga karapatang mag-apela, at magbibigay sa inyo ng iba pang mahahalagang impormasyon.

### Ano ang mangyayari kung sinuspinde o binawi ang aking lisensya?

Sa panahon ng pagsuspinde o pagbawi, ipinagbabawal kayong mag-display para magbenta, magbenta, o magregalo ng mga sigarilyo o produktong tabako. Ang patuloy na pag-display para magbenta pagkatapos makatanggap ng Abiso ng Pagsuspinde o Pagbawi ay sasailalim sa parusang sibil na $1,000 para sa bawat paglabag. Ang patuloy na pagbenta o pagregalo pagkatapos ng petsa na may bisa ang pagsuspinde o pagbawi ay isang maliit na paglabag sa batas at magreresulta sa pag-iilit at pagkawala ng lahat ng sigarilyo at produktong tabako na taglay ninyo.

Kasama ng Abiso ng Pagsuspinde o Pagbawi na ipinadala sa koreo ng CDTFA, makakatanggap din ang mga retailer ng karatula na dapat ipaskil sa bawat pampublikong entrada, sa tabi ng bawat kaha at iba pang lugar ng pagbebenta sa lokasyon na napapasailalim sa pagkakasuspinde o pagbawi. Kung hindi ipinaskil ang karatula tulad ng inaatas, para sa buong panahon na nakasaad sa abiso, magpapataw ng $1,000 multa para sa bawat paglabag.

### Mayroon ba akong mga karapatang nauugnay sa inspeksyong ito?

Oo, mayroon kang mga partikular na legal na karapatan bilang nagbabayad ng buwis sa California. Dapat igalang at protektahan ng aming mga empleyado ang mga karapatang iyon. Tulad ng ipinaliwanag sa publication 70, *Pag-unawa sa Iyong mga Karapatan,* may karapatan kayo sa:

- Magalang at agarang serbisyo,
- Patas na pagtrato,
- Pagiging kumpidensyal,
- Impormasyon at tulong, at
- Mag-apela ng isang pagtatasa.

### Maaari ba akong maghain ng reklamo kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa inspeksyon o sa pag-uugali ng inspektor?

Oo. Kung naniniwala kayong hindi propesyonal ang isang inspektor o nilabag niya ang inyong mga karapatan, maaari kayong maghain ng reklamo sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa Investigations Division sa:
  1-833-430-7030
- Paghain ng reklamo online sa:
  *www.cdtfa.ca.gov/legal/icomplaint.aspx*
- Pagsulat sa:
  Investigations Division, MIC:42
  California Department of Tax and Fee Administration
  PO Box 942879
  Sacramento, CA 94279-0042

Siguraduhing ganap na ipaliwanag ang inyong mga alalahanin ng detalyado.

Ang iyong reklamo ay hahawakan ng isang supervisor o manager ng Investigations Division, na siyang makikipag-ugnay sa inyo. Kung hindi ninyo malutas ang problema sa supervisor o manager o mas gusto ninyong pangasiwaan ang inyong reklamo sa labas ng division, maaari kayong makipag-ugnay sa CDTFA Taxpayers' Rights Advocate Office.

### Taxpayers' Rights Advocate Office

Tumutulong ang Taxpayers' Rights Advocate Office sa mga nagbabayad ng buwis na hindi nagawang malutas ang kanilang problema sa pamamagitan ng mga normal na channel, kapag kailangan nila ng impormasyong tungkol sa mga patakaran na nauugnay sa isang partikular na sitwasyon, o kapag tila mayroong paglabag ng kanilang mga karapatan. Maaari ninyong tawagan ang opisina nang libre sa 1-888-324-2798 o makipag-ugnay sa kanila sa *www.cdtfa.ca.gov/info/emailtra.htm.* Malayang iimbestigahan ng opisina ang inyong reklamo tungkol sa inspeksyon at tutugunan ito.

### Para sa higit na impormasyon

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa inspeksyon, maaari kayong makipag-ugnay sa aming Investigations Division sa 1-833-430-7030. Para sa higit na impormasyon tungkol sa paglilisensya sa sigarilyo at mga produktong tabako, tawagan ang Customer Service Center sa 1-800-400-7115; piliin ang opsyon para sa Special Taxes and Fees.

Nag-aalok din ang CDTFA ng libreng klase tungkol sa programa nito sa Paglilisensya ng Produktong Sigarilyo at mga Tabako. Tinatalakay sa klase ang mga rekisito sa paglilisensya, mga kamakailang pagbabago sa batas, proseso ng inspeksyon, pagpapanatili ng mga record, paglalapat ng mga parusa, at marami pa. Upang makita ang iskedyul ng klase, i-click ang link para sa *Cigarette and Tobacco Workshopssa* website ng CDTFA o tumawag sa 1-833-430-7030 upang magrehistro o para sa higit na impormasyon.

Makikita rin ang sumusunod na mga nauugnay na publication mula sa aming website, *www.cdtfa.ca.gov*, o sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Customer Service Center sa 1-800-400-7115 (TTY:711). Mababasa rin ang ilan sa mga publication na ito sa mga sumusunod na wika: Arabic, Punjabi, at Espanyol.

| | |
|---|---|
| 63 | *Paglilisensya sa Distributor ng Sigarilyo at Gabay sa Stamp ng Buwis* |
| 70 | *Pag-unawa sa Inyong mga Karapatan bilang Nagbabayad ng Buwis sa California* |
| 78 | *Pagbebenta ng mga Produktong Sigarilyo at Tabako sa California—Mga Rekisito para sa Lisensya ng mga Retailer* |
| 93 | *Mga Buwis sa Produktong Sigarilyo at Tabako* |
| 152 | *Mga Inspeksyon sa Produktong Sigarilyo at Tabako* |
| 161 | *May Kasamang Administratibong Prosesong Sibil ang mga Kriminal na Citation* |
| 403 | *Stamp ng Buwis ng California sa Sigarilyo na Hindi Mapepeke* |
| 407 | *Pangunahing Kasunduan sa Pagbabayad* |